NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Mayo 20, 2019



NOBELA

## HIGIT NA MATIBAY

Ni ARMANDO T. JAVIER

TULA

## BABALIK AKO KUNG SAAN KITA NAKILALA

Ni REBECCA L. GERONGA

EPEKTIBONG PAGTUTURO

## KAHUSAYAN NG GURO SA PAGGAMIT NG WIKA

Ni PAT V. VILLAFUERTE

# Jhane Santiaguel

MANILA BULLETIN PUBLISHING
771165 698142
ISSN 1656-98-14

EESM BOOKSTORE

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

## NOBELA


6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (31)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(8)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (23)**
*Armando T. Javier*


## KUWENTO


4 **Tadhana Ng Unang Pag-ibig (3)**
*Evelyn L. Estrella-Sebastian*

14 **Malupit Na Mundo (1)**
*Armando T. Javier*


## LATHALAIN


16 **Ang Pagtalunton Sa Sariling Pagkatao Ng Pilipino...**
*Joel Costa Malabanan*

18 **Mainam Ba Ang Paggawa Ng 'Short Cut' Sa Mga...**
*Fernando B. Sanchez*


## KOMIKS


28 **Sa Mundong Iyon... (35)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (56)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

31 **Kotse**
*Alquin M. Pulido / Alfred C. Manuel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*


## TULA


40 **Babalik ako kung saan kita nakilala**
*Rebecca L. Geronga*


## KOLUM


19 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

20 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

22 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

24 **Agrikultura**
*Zac B. Sarian*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*


## SHOWBIZ


26 **Jhane Santiaguel, Na-Challenge Bilang Kontrabida Sa Sayaw Ng Buhay**
*Maricris V. Nicasio*

27 **Phoebe Walker, Sobrang Saya Na Muling Makatrabaho Si Coco Martin**
*Nonie V. Nicasio*


## LIBANGAN


37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*


38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*







# TADHANA NG UNANG PAG-IBIG

Ni EVELYN L. ESTRELLA-SEBASTIAN




**(IKATLONG BAHAGI)**

**ISA** siya sa mga dormitoryana ng St. Catherine's Ladies Hall sa Recto na naganyak magtungo sa Amerika nang kaluwagan ang pagtanggap ng mga *immigrant* dito. Marami sila sa dormitoryo na nag-aplay at halos lahat ay natanggap. Sina Veronica at Andrea ang naunang umalis. "Sumunod na kayo," wika ng mga ito nang ihatid nila sa *airport*. "Magkita-kita tayo du'n parang dito sa *dorm*." *As if* parang Quiapo kalapit ang mga estadong pupuntahan.

Nang harapin siya, "At ikaw, Gloria, ayusin mo na'ng mga dokumento mo. Baka doon mo matagpuan 'yung *prince charming* mo. Kalimutan mo na si *there goes my heart*. Palitan mo ng Amerkanong *blue eyes*."

"Mga sira!" ganti niya. "Mauna na kayong maghanap, mas matanda kayo sa akin!"

Kalimutan na raw si *there goes my heart*...Kung matuturuan nga sana ang puso, matagal na niyang nakalimutan si Manoling. Manoling! Ha, ni hindi nalaman ng kanyang mga kasama sa Room IV sa dormitoryo ang pangalan ni *there goes my heart*. Ang usong awit noon na naging paborito niya, kasi ay taglay ng *lyrics* nito ang buong damdaming nadarama niya para kay Manoling.

Tanging si Eve, ang itinuturing nilang *mentor* sa kanilang kuwarto dahil *stockholder* na ito ng dormitoryo, tawag nila sa



EPEKTIBONG PAGTUTURO

Ni PAT V. VILLAFUERTE

# Kahusayan ng Guro sa Paggamit ng Wika

ANG wika ay lubos na napag-aaralan at natututuhan. Ang patunay nito ay ang pagkatuto ng bata sa paggamit ng kaniyang unang wika. Habang nagkakaisip ang bata ay patuloy namang lumalawak ang kaniyang talasalitaan, at natututuhan naman niya ang paggamit ng wika nang wasto at maayos.

Ang pagkatuto ng wika ay bunga ng gramatika at paggamit sa mga tuntuning pangwika sa komunikasyon. Sa paggamit naman ng wika, ang pokus ay nasa kahulugan ng mensahe at tinatapos ito sa wastong kayariang pangwika. Dahil dito, mahalaga para sa guro na magamit nang mahusay ang wika batay sa mga sumusunod na uri:

**1) Kahusayang panggramatika.** Ang guro ay dapat magkaroon ng lubusang kaalaman sa paggamit ng gramatika. Dito nakasalalay ang kaniyang kahusayan sa paggamit ng wika. Nakapaloob sa uring ito ang pagbabaybay, pagbigkas, pagbuo ng salita at pagbuo ng pangungusap. Sa pagbabaybay, dapat na maging malinaw sa mga guro ang wastong baybay ng mga salitang kalimitang naisusulat nang mali. Sundin ang tamang pagbaybay ng mga sumusunod na salita:

**haluhalo** (pagkaing pampalamig) hindi halo-halo
**kaniya** (panghalip paari) hindi kanya
**lungsod** (bayan na higit na matao) hindi lunsod

Malimit pa ring namamali ang ilang mga guro sa pagbaybay ng mga sumusunod na salita:

A. May **i** sa pagitan ng **s** at **y**. Halimbawa: direksiyon, transaksiyon, koneksiyon, proteksiyon at intensiyon.
B. Walang **i** sa pagitan ng **s** at **y**. Halimbawa: transpigurasyon, instrumentasyon, konklusyon, konsentrasyon at solusyon.

**2) Kahusayang pansosyo-linggwistik.** Iba't ibang kayariang panggramatika ang magagamit sa mga sitwasyong aangkop sa istandard o pamantayan ng kinagisnang kultura ng guro. Nakatuon sa uring ito ang tamang pamamaraan sa pagpili at paggamit ng mga salitang angkop sa pakikipagtalastasan sa iba. Mabilis na matututuhan ang wika ng mga mag-aaral upang sila ay makapamuhay sa kanilang kapuwa o pamayanan. Sa kabuuan, pangunahing mithiin sa pagtuturo ng wika na makabuo ng isang pamayanang marunong, mapanuri, kritikal at kapaki-pakinabang.

**3) Kahusayang pandiskurso.** Ang guro ay dapat magkaroon ng kakayahang makabuo ng iba't ibang ideya batay sa kahulugan at anyo nito. Ito ay ang pagsasama-sama ng mga salitang angkop sa pakikipagtalastasan sa iba.

**4) Kahusayang pang-estratehiya.** Hindi lahat ng estratehiya sa pagtuturo ay nakatuon lamang sa gawaing pasalita. Mas makabubuti sa guro na magamit ang galaw ng kaniyang mga mata, kilos ng mga kamay, paa at katawan upang maging kalugod-lugod ang kaniyang pagtuturo. L

# TADHANA NG...

(Mula sa pahina 8)

opisina at patungo na sa *subway* na sasakyan niya pauwi nang marinig niyang may tumawag sa kanya.

"Gloria..."

Napalingon siya. Ilang taon na mula noong nasa *high school* pa sila o sa kolehiyo sa paminsan-minsang pag-uwi sa probinsiya at nagkakatanawan sa simbahan o sa prusisyon kung piyesta, hindi na sa may durungawan na kanya nang iniiwasan? Dekada na, ngunit sa unang sulyap pa lamang ay nakilala na niya si Manoling. Si Manoling! Sa New York!

Para siyang kandilang itinulos sa kinatatayuan. Napapanganga ba siya? Nagmukhang-tanga? Si Manoling, ang kanyang *forever crush*, ang *love of his life*, ang kanyang kapitbahay na kahit minsan ay hindi niya narinig na siya ay tinawag, alam pala ang kanyang pangalan. At nasa New York! Lumalapit sa kanyang kinatatayuan. "Manoling!" malakas din niyang sambit.

Nakalarawan sa mukha ni Manoling ang matinding tuwa at sa kabila ng galak na kanyang nadarama sa biglaang pagkikita ay sumagi pa rin sa isip niya ang pagtataka.

"Kumusta, kumusta," nakangiting bati nito sabay abot sa kanyang kamay.

"Mabuti, mabuti!" natutuwa na rin niyang sagot kaalinsabay ang isiping bakit ba sila nag-uulit ng salita. Kumusta, kumusta, mabuti, mabuti. At idinugtong niya, "Kailan ka pa rito?"

Kaagad niyang napuna ang pagbabago sa mukha ni Manoling. Naglaho ang saya at sigla, waring binalot ng lambong ang buong katauhan. Parang humukot ang katawan at ang dalang *backpack* ay waring bumigat ang laman. Pagkuway napilit ang isang ngiti. "*Tourist* ako. May mga kaibigan akong narito na, nagkaroon ng *retrenchment* sa aming mga kompanya. E, niyaya nila ako, magbakasakali rito. Maluwag pa raw sa *Immigration*, maraming paraan. Naku, bakit ba iyan ang pag-uusapan natin. Natuwa lang ako nang makita kita. Di ka naman nagbago," at tumawa ito. "Gano'n ka pa ring maglakad."

Napahagikgik siya. Muntik na niyang nahampas ito. "Umiimbay pa rin, lakad probinsiya, di nabago ng New York. Bumilis naman."

Agad lumatay sa kanyang kamalayan ang magaang pag-uusap nila ni Manoling na wari bang dati na silang magkaibigan na muling nagkatagpo. Siya, rito. At ito sa kanya. Bagaman at alam niya at naranasan na rin na pag bagong salta sa isang estrangherong lugar, malaking kasiyahan talaga ang makatagpo ng kakilala, lalo at kababayan. "Teka, kumain ka na ba? Saan ka ba galing?"

"Sa DC sa kaibigan ko na noon pa dumating dito." Saglit na natigilan si Manoling. Pagkuwa'y may kinuha sa bulsa ng suot na diyaket. "Tatawagan ko sa telepono iyong dati kong kaopisina na taga-Jackson Heights."

"Aba'y tagaroon ako. Sa Queens. Buti pa'y sa bahay muna tayo tumuloy at doon ka na tumawag ng telepono para makapaghapunan."

Nagpasubali pa si Manoling. "Nakakahiya yata."

"'Sus, kapitbahay, mahihiya pa. *At least*, mabayaran ko 'yung mga inumit kong mangga sa puno ninyo," biro niya.

Hahaha, ang tawa ni Manoling at anong ligaya niya ng mga sandaling iyon.

*Studio type* ang *condo* na tinitirhan niya na nasa ikaapat na palapag ng gusali. "Maliit lang," hingi pa niya ng paumanhin kay Manoling. "Ito ang sala na *convertible* sa *bedroom*. Pagharap mo dine ay *dining* na katabi na ng *kitchen*. Doon naman ang *bathroom* na okey naman. Ayos lang, nag-iisa naman ako."

Tumangu-tango si Manoling. "*Settled* ka na, bakit di mo kinuha si Misis Guzman?"

Napangiti siya. Misis Guzman, *miss* na rin niya ang tawag na ito ng halos lahat sa kanilang bayan sa kanyang Nanay. "Ayaw nila. Malamig raw dito. Susumpungin sila ng rayuma.

(Sundan sa pahina 21)



## BUKLAT/MULAT

**Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO**

# Pag-akda sa Buhay ng mga Siyentista

**ISA** sa mga namamayaning *trend* ngayon sa paglalathala ng mga aklat pambata ang talambuhay. Hindi lamang ito simpleng pagsasalaysay sa buhay ng mga tanyag na tao kundi isang paraan upang ipakilala ang kabayanihan at kagalingan ng mga limot o hindi naitatanghal na tao sa mga pahina ng kasaysayan. Pokus ng pagsusuring ito ang dalawang bolyum ng talambuhay ng mga siyentista ng daigdig—ang *Super Scientists* (Anvil, 2018) na isinulat ni Nury Vittachi at may mga lakip na ilustrasyon ni Step Cheung. Una itong nailathala noong 2017 sa Singapore bilang *The Young Scientists Series* at binili ng Anvil Publishing para sa kanilang seryeng Anvil Science. Ikinalulugod kong ibalita na tampok dito ang buhay ng apat na Filipinong siyentista na maaaring hiniling ng Anvil upang makahikayat ng mambabasa sa ating lipunan.


Hindi biro ang pagsusulat ng talambuhay para sa mga batang mambabasa. Mahalagang tungkulin ng manunulat na buhayin ang kuwento sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng mga detalye at *highlight* sa buhay ng isang tao. Kailangang maiintindihan at interesante ito sa mga bata. Mainam ding may sigasig at interes ang may-akda sa kaniyang mga napiling paksa. Lilitaw ang interes na ito sa kalidad ng kaniyang akda. Hindi kailangang ilahok niya lahat ng impormasyon na nasaliksik niya kaugnay sa isang tao gaya ng kulay ng buhok, tangkad, o laki ng baywang. Ilang bahagi lamang ang kaniyang magagamit tulad ng mga impormasyon na sa palagay niya'y tutugon sa layunin na itampok ang kuwento ng tagumpay. Kailangan niyang suriin kung nakakaakit at may pakinabang sa bata ang ilang impormasyon. Dagdag pa, wasto dapat ang impormasyon na kaniyang ibabahagi.

Hindi hadlang sa pagkamalikhain ang mga nalikom na impormasyon. Sa pagsulat ng talambuhay, maaaring gumamit ng dialogo ang manunulat upang mabuhay ang mga eksena. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, naisasadula ang nakaraan at ang nalikom na impormasyon. Nagkakaroon ng personalidad ang mga tauhan kapag pinagsasalita ito sa isang talambuhay. Maaari ring sa pamamagitan ng dialogo, naipapakita ang tunggalian sa naratibo o kaya nama'y nailalahad ang motibo at ambisyon ng tauhan.

Sa aking pagbabasa ng dalawang bolyum ng *Super Scientists*, napansin ko na tila buod ang bawat kuwento. Kulang ito sa mga detalye gaya ng pangalan ng mga bayan o ang tiyak na panahon at petsa. Ang unang aklat ay naglalaman ng 32 kuwento at ang ikalawang aklat naman ay may 30. Nakababagot basahin ang mga buhay ng siyentista dahil walang sigasig ang awtor na itampok ang drama sa buhay ng mga napili niyang tao. Hindi pa nakatulong na halos pareho ang kaniyang estilo ng pagkakasulat na waring pormula na—magsisimula sa pagkabata, ipapakita ang mga suliraning kinahaharap ng tao, at ang kaniyang magiging tagumpay sa kabila ng mga pagsubok. May paniniwala akong ang mga aklat na ito'y hindi dapat tinatapos sa isang upuan lamang. Binabasa itong paunti-unti upang hindi mapansin ng mambabasa ang pagkakapareho sa estilo.

Gayunpaman, hindi ko naman sinasabing walang halaga ang dalawang aklat na ito. Nasanay kasi akong magbasa ng mga talambuhay para sa bata sa anyo ng *picture book* na nakalatag ang mga piniling impormasyon, may malinaw na paglalarawan sa panahon at lunan, at may kapana-panabik na disenyo ng naratibo. Sa mga dati kong nabasa, may inilalaan pang *timeline* sa bandang huli ng aklat para maging sanggunian at *"further reading"* ng mambabasa. Sa mga aklat na sinusuri ngayon, kapos ito sa mga katangiang nabanggit. Hindi ito maaaring gawing sanggunian ng bata para sa kanilang mga proyekto sa paaralan. Kailangan pa nilang maghanap ng ibang mababasa kung sakaling nabitin sila sa impormasyong inilaan sa *Super Scientists*.

Mahalaga ang aklat na ito bilang parangal sa kadakilaan ng mga siyentista sa ating lipunan. Mainam itong instrumento upang hikayatin ang mga bata sa larangan ng siyensiya at teknolohiya. Makatutulong ang mga kuwento rito upang pahalagahan ang mga pag-unlad sa siyensiya na hindi gaanong




Mula sa Anvil Publishing

napapahalagahan sa kasalukuyan dahil karaniwan na ito tulad ng kotse, *X-ray*, posporo, paliwanag sa laho o eklipse, pagsasaayos ng klasipikasyon ng mga mga hayop at halaman, masamang epekto ng pestisidyo (DDT) sa kapaligiran, at halamang gamot para sa malaria.

Sa mga kuwento rin dito, laging naitatampok ang buhay ng pagkabata ng mga siyentista. Mahusay na estratehiya ito upang ibahagi sa mga mambabasa na ang mga dakilang tao ay minsang naging bata. Naibabahagi ang kuwento ng pagsisikap at pananalig sa karunungan gaya ng ipinamalas sa pagbata nina Isaac Newton, Rachel Carson, at Angel Alcala. Dala nila ang pagkamangha at interes sa daigdig hanggang pagtanda. Ang mga nabanggit ay nakaranas ng pambu-*bully* at kahirapan noong bata ngunit naigpawan nila ito at naging matagumpay sa kanilang larangan.

Naipamalas din sa mga buhay nina Marian Merian, Annie Jump Cannon, at Carl Linnaeus na ang kinagigiliwang gawain tulad ng pagguhit, pagtingala sa mga bituin, at pagmasid

# Jhane Santiaguel, na-challenge bilang kontrabida sa *Sayaw ng Buhay*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

MAPAPANOOD si Jhane Santiaguel sa *indie movie* na *Sayaw ng Buhay* na mula sa pamamahala ni Direk Carl Ramos. Tampok sa pelikula sina Yexel Sebastian at ang Girltrend na si Mikee Agustin.

Si Yexel bukod sa pagiging *co-director* din sa pelikulang ito ay isa rin sa *producer* nito.

Ang pelikula ay handog ng Yexel Channel, Carl Ramos Films, at Studio 54 at mapapanood sa Youtube.


Ayon kay Jhane, nag-*enjoy* siya nang husto sa muling pagsabak sa pag-arte sa harap ng *camera*. Isa raw sa rason nito ay dahil magaan kasama at katrabaho ang *co-stars* niya rito. Bukod pa rito, matagal na rin daw niya silang mga kaibigan kaya gamay na nila ang isa't isa.

Pero nabanggit niya na nanibago siya nang kaunti sa proyektong ito, lalo't sa unang pagkakataon ay nagkaroon siya rito ng *kissing scene*.

"Medyo kakaiba lang po kasi *first time* kong magka-*kissing scene* tapos medyo *wild* siya," nakatawang saad ni Jhane. "*Ex-girlfriend* po ang *role* ko rito na parang ganoon nga po, *wild* at b po ako rito, *as in* kontrabida," nakatawang paliwanag pa niya.



Mga larawang kuha ni Wilson Fernandez



Ipinahayag pa na aktres na kilala rin bilang dating miyembro ng Mocha Girls na si Yexel mismo ang tumawag sa kanya para alukin sa naturang *role*. Nagandahan daw siya sa proyekto kaya pumayag siya, kahit sabihin pang sa Youtube lang ito ipalalabas talaga.

Positibo rin si Jhane na maraming makakagusto sa pelikula nilang ito na swak na swak daw talaga sa maraming *viewers*, lalo na sa mga *millennials* at mga kabataang mahilig sa gimikan at sayawan.

*Proud* din siyang sabihin na ang *trailer* pa lang ng pelikula nilang *Sayaw ng Buhay* umabot na agad sa 2.5 *million views*.

Nang usisain pa namin siya kung may naging *peg* na kontrabida sa naturang pelikula, ang unang sinabi niya ay si Ellen Adarna.

"Si Ellen po kasi sinasabi nila na kahawig ko raw, kaya iyon po ang naisip ko. Pero sa tingin ko parang Glaiza de Castro iyong naging *peg* ko po rito," nakangiting sambit pa ni Jhane.

Si Jhane ay nakagawa na rin ng ilang *indie film* na madalas ay kasama ang Mocha Girls, nakalabas na rin siya sa ilang *TV show* at nakagawa ng ilang *TV guestings*, pero kakaiba raw talaga sa kanya ang ginampanan dito.


Nabanggit din niya na *challenging* ang natoka sa kanyang papel dito at nag-*enjoy* siya bilang kontrabida.

"Medyo po, hehehe, *challenging* siya dahil kakaibang *project*. Pero masaya po ako habang ginagawa namin iyong *movie* na ito."

Samantala, naikuwento rin ni Jhane ang mga pinaggagawa niya *lately*, lalo na at ratsada na ang mainit na *summer season*.

Nag-Palawan at Boracay raw siya at abala rin sa kanyang negosyo. L

# BABALIK AKO KUNG SAAN KITA NAKILALA



Babalik ako kung saan kita nakilala
doon sa hindi inaasahang lugar
doon kung saan laging dalisay
ang mga bulaklak at damong ligaw
na sumisilay sa araw.

Babalik ako kung saan kita nakilala
noong malapit nang agawin ng buwan
ang natitira pa niyang liwanag,
noong ang mga kaluluwa'y
nagdiriwang sa mga haing dasal.

Babalik ako kung saan kita nakilala
babalik hanggang may lakas pa
babalikan ang nais malimutang alaala
hanggang mapagod ang apoy ng mga kandila
hanggang umakyat sa langit lahat ng kaluluwa.

Babalik ako kung saan ka nagpakilala
at doon ibabalik sa iyong gunita
ang tamis ng unang pagkikita
at ang pag-ibig na hindi inakala.

Babalik akong masaya't malaya
doon sa himlayan ng mga sawi at aba
upang gisingin ang bawat umaasa
sa isang pag-ibig na minsang inakala.

**– REBECCA L. GERONGA**